

# Chapter One



**H**inalikan ni Olga ang litrato sa hawak na magazine. Sa hindi mabilang na pagkakataon ay sinamba niya ang imahe ng *Empress Stiletto*, ang sapatos na dinisenyo ni Monette Larrazabal, isang tanyag na Filipino shoe designer sa Hollywood na ngayon ay nagbabalik sa bansa.

“Mapapasaakin ka rin,” determinado niyang wika. Ilang oras na lang ay ramdam niyang mapapasakanya na ang limited edition na sapatos.

Alas cuatro pa lang nang madaling-araw. Inagahan niya ang gising para sa gaganapin na pagbubukas ng boutique ni Monette. Handang-

handa na siyang makipagbuno sa mga katulad niyang addict sa sapatos. Makikipagbanggaan at makikipagdambahan siya anuman ang mangyari. Hindi niya hahayaang masayang ang araw na ito.

Inilapag niya ang magazine sa center table. Nagsimula siyang mag-warm-up. Kasalukuyan siyang nasa pad ng kaibigan na si Carolyn. Nakitulog siya rito dahil malapit lang ang gusali na tinitirhan nito sa *Rockwell Power Plant Mall*. Doon matatagpuan ang katatayo lang na store ni Monette.

Ilang sandali matapos magbanat ng katawan, walang patianong sumalang siya sa training wheel. Naawa siya sa nasabing equipment dahil alam niyang hindi ito nagagamit ng kaibigan niya. Nagpapa-cute kasi si Carol sa isang gym instructor na nagngangalang Davis McRay. Wala na nga itong oras para makipag-slumber night sa kanya dahil humaharot ito pagsapit ng gabi sa social media account ng binata.

“Ma-arbor nga ’to,” usal niya sa pagitan ng paghingal dahil sa pagtakbo. Natapos din ang tatlumpung minuto na stationary run. Ngunit hindi pa rin siya kontento.

*Move it to the left! Keep it circling!*

Tatapusin niya ang sampung minuto na *Quick*

*Aerobic Tutorial.*

She heard a hoarse voice. “Ang aga mo, ah.”

Hindi niya dinibdib ang paninita nito. Ipinagpatuloy niya ang pagpihit ng baywang. Alam niyang may laman ang salita nito. Pinagmasdan niya ang kaibigan na dumiretso sa lababo. Nagmumog ito at saka ibinalik ang atensyon sa kanya.

“This time, magkano na naman?” wika nito na may bahid ng interogasyon.

“What do you mean?” Painosente ang peg niya.

Humalukipkip si Carol, matalas ang tingin nito. Hindi bumenta ang pagmamaang-maangan niya sa kanyang kaibigan. Killjoy na matatawag ang huli pagdating sa hobby niya na sapatos.

“Olga, kaibigan mo ’ko,” simula nito sa litanya. Mukhang nabasa nito ang nasa isipan niya. “Huwag mong isipin na para akong bungangerang wala sa lugar ang sinasabi. Magkano na naman ang gagastusin mo?”

Umiling siya. “Anong *gastos* ang sinasabi mo? Magastos ba ’tong pagkembot sa harap ng TV mo?” aniya na may himig na pagbibiro habang patuloy sa pag-aerobics pa rin. “Ikaw friend, ha, pinagbabayad mo na ba ’ko?”

Pinakaayaw ni Olga ang confrontation. Iniiwasan niya rin na may kumokontrol sa kanya. Isang malaking disgusto sa kanya ang pagdidikta sa dapat niyang gawin. She always stayed firm with what she wanted. Kapag gusto niya, gusto niya. If she hated it, then she hated it. Ganoon kasimple.

“I’m not controlling you, Olga.” Mukhang nababasa talaga ni Carol ang nasa isipan niya. Hindi siya nagtataka dahil siyam na taon na silang magkaibigan. “I’m just being honest. You’re getting too materialistic over expensive shoes.”

Sapatos ang buhay niya. Maliban sa lalaki, sapatos ang isa sa mga dahilan kung bakit nabubuhay pa siya. Kung bakit gumigising pa siya tuwing umaga.

*Shoes stays like a good friend, iyan ang paniniwala niya. Shoes will make you feel at home and will uplift you at times.*

Nagpatuloy si Carol, “N’ung una, ayos pa kasi realistic pa ang prices ng shoes na pina-patronize mo. But it’s not good to see, that for the past two years, wala kang naiipon dahil puro sa sapatos napupunta ang savings mo. We’re not getting any younger, neither are your parents,” madiin ang pagkakasabi nito sa huling mga kataga.

Unica hija si Olga Bernabe. Nagmula siya sa may-kaya na pamilya. Pero aminado siyang hindi magtatagal ay mag-de-deplete ang pera nila kung hindi niya aagapan.

Tumigil siya sa ginagawa at hinarap ang kaibigan niya. “Last na ’to.”

Bumuga ng hangin si Carol. “How I wish totoo ’yan. I’ve heard that about a million times.”

Marahil nagtagal ang pagkakaibigan nila ay dahil opposite sila. Ang sabi nga, opposites attract. Si Carolyn Miralles ay CPA o Certified Public Accountant at si Olga naman ay nagtapos ng Architecture. Sa field pa lang ay magkaiba na sila, pero nang dahil sa isang kaganapan noong high school ay naging close sila.

Kapwa sila suki ng beauty pageants. Madalas silang magkalaban noong high school sa mga contest at bawian lang sila ng korona kada taon. Isang araw, may kabataan na nam-bully kay Carol at ipinagtanggol niya ito. Bagaman mas nakakatanda siya nang isang taon sa kaibigan ay napagkasunduan nilang manirahan sa isang apartment noong college. Kapwa sila nagtapos sa *University of Perpetual Help* sa Las Piñas.

Sa personalidad, mas conservative ang best friend niya samantalang siya ay lampas na sa

dami ng daliri ang bilang ng mga nakarelasyon. Noong college ay siya iyong madalas umuwi na lasing, at ang kaibigan niya ang tagalinis ng suka. Mas impulsive rin siya sa lahat ng bagay kumpara kay Carol na kalkulado ang bawat kilos at desisyon.

“I suggest you pursue your shoe designs and customize your own shoes. That way, mahahasa ang galing mo sa field na ’yan at kikita ka pa. Hindi ’yong gastos ka nang gastos sa sapatos na hindi naman realistic suotin sa pang-araw-araw.”

Kinuha ni Olga ang natustang tinapay mula sa bread toaster. “Oo na, naghihintay lang ako ng tamang timing.”

“Hindi ’yon hinihintay. You make your own timing,” madiin nitong pahayag, kapagdaka’y pumasok na sa banyo dala ang tuwalya.

Nagtaka siya. “Teka, ba’t mas nauna pa ’yon? Ako ang may maagang lakad sa ’min, eh.” Napailing siya at wala nang nagawa.



“Bravo! Bagay na bagay pala sa ’yo ang style ko,” papuri ni Anton Dela Cruz sa binabaeng tono.

Hindi matanggap ni Ethaniel Villaranda ang itsura niya. He wore a white chic tuxedo with

matching floral prints. Pinaresan iyon ng puting pants at may purple ribbon na nakakabit sa leeg niya.

Banaag ang galak sa ekspresyon ng kaibigan niyang tuwang-tuwa. But there was nothing funny about his look. It's insulting for him. Hindi siya galit sa mga bakla at may respeto siya sa pagkatao ni Anton. In fact, madalas nga niyang i-patronize ang mga designed clothings nito bilang panregalo. Hindi niya lang matanggap na siya mismo ang magsusuot ng disenyo nito.

“O, bakit parang minalas ang itsura mo? Remember, you're doing this for your baby sister,” tukoy nito kay Miranda, ang bunso at kaisa-isa niyang kapatid.

Malaki ang kasalanan niya sa huli. Masama ang nagawa niya at malaki ang naging atraso niya rito kaya naipit siya sa sitwasyon na ito. Magpapanggap siyang si Anton. Kailangan niyang sundin ang kapatid sa ipinagagawa nito. Napagkasunduan nila na kapag nagawa niya ang hinihingi nitong pabor ay papayag na itong mag-aral sa abroad.

Sa pagitan nilang dalawa, mas malakas sa kanilang daddy si Miranda. Lahat ng gusto nito ay nakukuha. Ang nais lang naman ni Ethan ay

ang mag-aral ito sa abroad nang mas lumawak ang kaalaman nito.

“*Papayag ako, on one condition,*” naaalala niyang sabi nito. “*Pumayag kang magpanggap na si Kuya Anton at kunin mo ’yong Empress Stiletto.*”

And it was bound to happen today.

“Yes, I’m doing this for Mira and this would be the last.”

“Ikaw naman kasi, Ethan, hindi sana ’to mangyayari kung tama ang naging hinala mo sa kapatid mo. But anyway, wala nang sisihan, dahil wala na rin ’tong atrasan.”

“Wala nang atrasan,” pag-uulit ni Ethan. Ibinaling niya ang atensyon sa hawak na folder. Binuklat niya iyon at pinagmasdan ang larawan sa loob noon. “Kailangan kitang makuha. Pasensya na, but this is for my sister.”



“I would like to thank all of you for coming today,” panimula ni Monette. Nakatayo ito sa improvised stage. Ang outfit nito for the day ay gray pencil skirt at plain white blouse.

Sa kabila ng pagiging simple ng babae ay alam ni Olga ang halaga ng stiletto na suot nito. Iyon ay pinangalanang *Epitome Spark Heels* at nilikha iyon ng mentor ni Monette sa America



na si George Kraus, tanyag din na shoe designer internationally.

Nakaka-overwhelm ang environment ni Monette para sa kanya. Minsan niyang pinangarap na ganoon din sana ka-glamorous ang buhay niya. Sa ngayon ay ibinaba muna niya ang pangarap na iyon at itinuon ang atensyon sa *Empress Stiletto*.

“Ang ganda n’ung heels niya, it’s decorated with fine rubies from Thailand. Some stones were made of moissanite,” naulinigan niyang pagkukuwento ng isang babae sa kanyang likuran.

Moissanite was a good alternative to diamonds.

“Ilang carat naman?” usisa pa ng isa.

*Total of 24-carat moissanite diamonds*, ani Olga sa isipan. Alam niya ang bawat detalye ng sapatos.

Five inches ang taas niyon, consisting of ten moissanite stones, fifty rubies in different shapes—mula sa front covering hanggang takong—at burgundy ang shade ng tela na ginamit sa katawan ng sapatos. Mahilig si Olga sa ganoong shade. Kapersonalidad niya ang nasabing kulay, palaban at matapang.

“Ouch!” Napapitlag siya nang may sumiko sa balikat niya. Tinapunan niya ng masamang tingin ang kung sinuman iyon.

“I... I’m sorry...”

Tinitigan niya lang ang baklita na nakasangga sa kanya. Nangingkit ang mga mata niya rito at maiging tinandaan ang itsura nito. Gupit-lalaki ito, may purple highlights sa buhok, tuxedo na may touch ng bulaklak na design at may purple ribbon sa leeg. Gusto niyang kagatin ito sa sobrang pagkairita.

Naalala niyang ipinagbawal ni Monette ang kalalakihan sa mga stores nito. Dahil doon ay nagkalat din ang mga pa-girl sa event maliban sa kababaihan. Pinigilan na lang ni Olga ang galit. Hinayaan niyang makalayo ang baklita sa kanya. Ayaw niyang sirain ang araw niya nang dahil sa careless na iyon.

“Now, I would like to gladly introduce my very first branch here in the Philippines! Let’s get inside and *Get Rogue!*” bigkas nito sa pangalan ng shop.

Unti-unting bumukas ang two-way glass doors at palakas nang palakas ang hiyawan ng kababaihan at binabae. Masidhi ang kapit ng mga takong ni Olga sa tilyadong sahig.

Nagniningas na ang mga mata niya. Hindi siya magpapakampante.

Nang tuluyang mabuksan ang *Get Rogue* ay kumaripas ng takbo ang mga tao. Inasahan na iyon ni Olga, ngunit may iba siyang plano. Nang makapasok na ang lahat sa loob at naiwan siya, bumuwelo siya at unti-unting umupo sa tilyadong sahig, nasa unahan ang kaliwa niyang paa at nag-slide sa madulas na sahig. Nagulat ang lahat sa nilikha niyang tunog sa sahig at kapwa napalingon sa kanya. Nahawi ang mga bulto, dahilan upang makaabot siya hanggang sa kalagitnaan ng store.

Tumayo siya. "Perfect."

Iginala niya ang paningin at agad nakita ang kinalalagyan ng *Empress Stiletto*. Nasa estante iyon na wangis hagdanan at nasa sampung baitang. Sa tuktok niyon ay may limang pares ng nasabing sapatos.

Naalarma si Olga nang makahakbang na ang ilan sa estante. Kumaripas siya ng takbo at binalya ang mga nasa unahan. Hinawi niya ang mga mukha ng mga intrimitidang interesado sa *Empress Stiletto*. Hinila niya ang nakapuyod na buhok ng naunang babae at wala siyang pakialam kung mademanda siya nang dahil

doon.

“Get out of my way!” malakas na bigkas niyang nag-echo sa buong boutique. Tinahak niya ang bawat baitang. Naramdaman niyang may humila sa isang paa niya. Napahiyaw siya at sinipa ang taong humawak sa kanyang paa. Sa lakas ng sipa niya ay naawa siya sa kinasadlakan ng babae.

May mga nauna sa kanya at bumaba na dala ang kani-kanyang pares ng *Empress Stiletto*. Hinihinal na siya sa dinami-rami ng obstacles. May baklitang nauna sa kanya at hindi siya papayag na makuha nito ang nag-iisa na lang na pares ng sapatos na hinahangad niya. Nilingon siya nito at napagtanto niya na iyon ang parehong sumiko sa kanya kanina.

*Oras na para maghiganti*, sabi ng isip niya.

“Matitikman mo ang ultimate weapon ko!” Inilabas niya ang hintuturo at itinarak iyon sa puwitan ng nauna. Halatang ininda iyon ng binabae dahil napahinto ito sa paghakbang.

Olga was near at the peak and finally, she got it! Niyapos niya nang may halong pag-iingat ang sapatos. This was the happiest day and one of the greatest achievements of her life. Ibang klase ang pakiramdam niya. Mas lalo siyang natuwa

nang manlumo ang iba ngunit pumalakpak pa rin. Pagdating sa shoe addiction, kailangan sport lang. Bawal ang pikon.

Hawak ang dalawang pares ng stiletto ay magara siyang tumayo sa estante. Hindi niya pinansin ang panganib na maidudulot ng three inches niyang takong. Marahan siyang bumaba ngunit hindi inaasahang nawalan siya ng balanse, limang hakbang na lang bago makababa.

Parang slow motion ang pagkakahulog niya. Niyakap niya ang *Empress Stiletto* at pumikit habang taimtim na nagdarasal, *Panginoon ko, kung oras ko na ngayon huwag mo kaming hayaang magkalayo ng Empress Stiletto. Isusuot ko hanggang sa huling hantungan ko.*

“Gotcha!” Iyon ang narinig ni Olga at hindi ang tinig ng mga anghel na nag-aawitan.

Idinilat niya ang isang mata. Natagpuan niya ang sarili sa mga bisig ng pa-girl na sumalya sa balikat niya kanina. Sisimangutan niya sana ito, ngunit napilitan siyang salubungin ng ngiti nang ma-realize niyang iniligtas siya nito.

“Pasensya ka na kanina, ha,” wika ni Anton, iyon ang pakilala nito sa kanya. Guwapo itong bakla kung tutuusin. Kung aalisin ang blush-on, false eyelashes, glittery eyeshadow, at purple

highlights nito, maging lalaking-lalaki ang itsura. Halatang hindi rin ito nagpapabaya dahil hulmado ang katawan nito. Mukhang madalas ito sa gym. Iyon nga lang, mukhang imbis na mga babae ay kalalakihan ang target nito.

“Wala ’yon,” tugon ni Olga. “Sorry pala sa pagtusok ko sa butas ng... alam mo na...”

“Uhm... wala rin ’yon. I’m used to it.” Natawa sila nang makahulugan.

“So, pa’no na ’yan, ubos na ang *Empress Stiletto*. Hindi ko naman p’wedeng ibigay sa ’yo ’tong muntik ko nang ikamatay. Para makabawi ako, gusto mo tulungan kitang maghanap ng isa pang sapatos na magugustuhan mo?”

“Sige ba,” nagboses-lalaki ito at natawa siya. “Ay, I’m sorry. Ang hirap talaga kapag may Adam’s apple.”

Magaan na ang pakiramdam niya rito. Iginiya niya si Anton sa iba pang sapatos. Kailangan niyang makabawi sa kabutihang taglay nito.



“Bagay pala tayo,” ani Olga habang ngumunguya ng egg pie.

“Do you think?” muling napalalaki ang tono ni Anton.

Humagikgik siya. “Ikaw, ha? Baka mamaya

hindi ka talaga bakla. Stalker pala kita.”

Nahalata niyang nag-iba ang ekspresyon ng mukha ng kausap. “H-ha? Excuse me, my dear. Hindi tayo talo, ah,” anito sa tonong bakla.

“Ikaw naman, hindi na mabiro. So, Anton Dela Cruz, what do you do for a living?” Nahalata niyang nakatitig ito sa mga pinagbalutan ng egg pie na naubos niya. “Malakas talaga ako sa egg pie. ’Wag kang mag-wonder. Hindi lang halata sa figure ko.”

“Uhm... hindi kaya sumakit tiyan mo?”

Umiling siya. “Lactose intolerant ako pero tolerable naman.”

“Bakla, kelan pa naging tolerable ’yon?”

“Iniiba mo ang usapan, Anton,” paalala niya. “Sagutin mo na ’yong tanong ko. Ano’ng pinagkakaabalahan mo sa buhay?”

“I’m a fashion and interior designer. Wow, matched tayo kasi Architecture ang course ko. Sana magka-collaboration tayo balang-araw.”

“Why not? Gusto ko ’yan, bongga!”

Nagkakasiyahan silang dalawa nang may pumihit sa sikmura ni Olga. Nagsimula nang kumulo ang kanyang tiyan at alam na niya kung ano ang kahihinatnan niya.

Nagpaalam siya kay Anton at ang huling

habilin niya ay, “Friend, babalikan ko ang *Empress* ko, ah. Ipagtanggol mo sa mga magtatangkang magnakaw niyan.”

Tumango ito at ngumiti. “All for you, my dear!”



*“All my life you never trusted me, Kuya! Of all the people, bakit ikaw ’tong walang tiwala sa ’kin?”*

Umalingawngaw sa isipan ni Ethan ang bawat kataga ni Mira. Tinitigan niya ang paper bag na kinalalagyan ng *Empress Stiletto*. Kailangan niyang kunin iyon alang-alang sa kanyang kapatid.

“I’m sorry, Olga. I’ll see you someday and by that time, it will be a date for two.”



# Chapter Two



Ngapapadyak na tila batang inagawan ng candy si Olga. Pinapanood siya ng matalik na kaibigan habang nilalantakan nito ang excess order niyang egg pies. Tila wala itong pakialam sa paghihimutok niya.

“How could he do this to me?” Ibinato niya ang box na may replica na sapatos. “Iniligtas niya nga ’ko pero ninakawan naman ako!”

Umiling-iling si Carol. “Yan bang ipinalit sa sapatos mo, kasing-presyo n’ung ninakaw?”

“I don’t care about the price! Wala akong pakialam kung magkapresyo sila o hindi! This is so unfair!”

Lumapit ito sa box na tumilapon at kinuha ang sapatos doon. “Well, I do care about the money. It counts. If you want, I could sell this to pay back the expense.”

Patuloy ang paglandas ng luha sa mga pisngi ni Olga. Isa na ito sa pinakamasakit na pangyayari sa buhay niya. Matindi pa ito sa ginawa sa kanya ni Glenn Crawford, dati niyang ka-mutual-understanding. Na ngayon ay gusto na niyang tadtarin ng takong sa mukha kasama ang Anton Dela Cruz na iyon.

“Humanda kayong dalawa! Ikaw na paasa kang Glenn Crawford ka! At ikaw baklitang magnanakaw ka! Ha-hunting-in ko kayo! Ang sasama n’yo!” humihikbing pahayag niya.

Manhid na si Carol sa mga klase ng hagulhol niya. Kung may dalawang bagay na nagpapasadlak kay Olga, iyon ay lalaki at sapatos lang. Hinayaan na lang nito ang tantrums ng best friend.

“Grabe magmahal ng sapatos si Ate Olga.” Kanina pa pala kinukuhanan ni Limuel ng video ang pagwawala niya. “Sana sapatos na lang ako.”

“Patayin mo ’yang camera at burahin mo ang video,” pagsawata ni Carol sa bunsong kapatid nito.

“Bakit naman?” Patuloy pa rin ito sa pagkuha.

“Hoy, Limuel!” Napansin din ito ni Olga sa wakas. Dinuro niya ito. “Sundin mo ang Ate Carol mo kung ayaw mong maging unang casualty!”

Ngumisi ang ate nito. “S’abi ko naman sa ’yo, eh.”



“Good job, Kuya! I love you so much! Kagaya ng napag-usapan natin, ikaw na muna ang magtabi ng *Empress*, ha”

“Okay, sige, ako’ng bahala.”

“Basta just keep it safe and let’s see what will happen next.”

“Noted. Be a good girl sa lakad n’yo.”

Kumindat pa ito sa video chat. “Always, Kuya.”

Pinagmasdan ni Ethan ang hawak na sapatos. Sinipat niya ang bawat tabas ng nagniningning nitong mga bato. Mahilig sa mga sapatos ang mommy niya. But when she passed away, she left all her signature shoes unattended. Nakatago lahat ng iyon sa basement ng main house nila sa Tagaytay.

Hindi niya mawari kung bakit mahalaga ang mga sapatos para sa kababaihan. Hindi iyon naisasama sa kabilang buhay. Para sa kanya, sapat na ang hindi branded ngunit matibay naman

at komportable na sapatos. Bagaman afford niyang bumili ng mamahaling sapin sa paa, mas preferred niya pa rin ang mga sapatos na gawang Marikina sa shoe rack niya.

“Olga Bernabe,” usal niya.

He could not forget how mischievous that girl was. Nag-init ang mga pisngi niya at hindi napigilang matawa nang maalala niya ang pagsundot nito ng daliri sa parte na hindi niya akalain. Nakakadiri kung ikukuwento niya sa iba, ngunit doon niya mas napatunayan ang tindi ng obsession ng babae sa sapatos.

Sumagi sa isipan niya na maaaring magkagustuhan sila kung lalaki ang kaanyuan niya. Ang kaso, nagtatalo ang kanyang isipan. How could he be so attracted with her kind; malakas kumain, halatang maluhog sa materyal na bagay, at palaban na babae.

He’s more into naïve, demure, and well-mannered-type of woman. However, Olga got something he couldn’t figure out. Napapikit si Ethan at napasandal sa headboard ng kama. Nalungkot siya sa katotohanan na ninakawan niya ang babae.

“Kung hindi lang talaga dahil kay Mira,” aniya, may halong panghihinayang ang tono.

Kung hindi lang mas matimbang ang dugo sa tubig ay tinanggihan niya sana ang kanyang kapatid. Ngunit imposible iyon dahil mas matimbang ang kasalanan niya rito. At kailangan niyang panindigan ang kanilang kasunduan.



*980 Results for Anton Dela Cruz.*

Isinara ni Olga ang laptop nang mabasa iyon. Ilang araw na siyang hindi kumakain sa sobrang depressed at wala siyang lakas para isa-isahin ang nine hundred eighty na taong kapangalan ni Anton. Naisip niya rin na maaaring palabas lang nito ang pangalan na iyon. Iba talaga ang katauhan at madalas itong mambiktima ng mga shopaholic na katulad niya.

“Carol, pabukas ang pinto!” aniya na walang ganang alamin kung sino ang nanggambala.

Lumabas ng kuwarto ang kaibigan niya at pinagbuksan ang dumating. Hindi tinanaw ni Olga kung sino iyon. Malungkot siya at walang pakialam sa mundo. Hindi niya akalain na kahit gaano kaganda ang plano niya tungkol sa isang bagay ay posible pa ring masira.

“Delivery.” Inilapag ni Carol ang isang malaking kahon sa dining table na pinagpapahingahan ng ulo niya.

“Ano ’yan?” usal niya, nakasalapak ang pisngi sa mesa.

“Buksan mo nang malaman natin.”

“Ikaw na, wala akong lakas.”

Umismid ito. “Oho, Madam.”

Pumikit si Olga habang ninanamnam ang ingay ng tape na tinatangal sa kahon. Interesado siyang malaman ang nasa box. Ayaw niya lang talagang kumilos kaya inalila niya ang kaibigan.

“*Hello, Miss Obsessive Punk,*” naulinigan niyang sabi ni Carol. Inangat niya ang ulo para lumingon dito at nakita niyang may binabasa ito mula sa hawak na kapisang papel. Sa tingin niya ay nagmula iyon sa kahon na binuksan. “*I appreciate your gifts. But after what you did last week, it made me realize one thing. I must return your gifts to stop your false hopes between us. It’s over, Olga.*”

“Hoy, Olga! Sino ’tong Glenn Crawford? Iba na naman ba ’to?”

Hindi siya kumibo. Nasasaktan siya dahil sa tingin niya ay minamalas talaga siya sa taong ito—both shoes and guys.

“Let him be,” nanghihina niyang usal. “Makakaganti rin ako sa kanya.”

Hindi niya masisisi si Glenn kung bakit

sinukuan siya nito. Isang car racer ang nasabing lalaki at madalas niya itong sundan sa mga event. Maayos sana ang lahat ngunit umatake na naman ang pagiging obsessed niya rito. Nasabunutan niya ang isang fan nito. Pinagsisihan niya iyon, ngunit wala na siyang magagawa. Hindi na niya mababago ang mga naganap.



“Pakisabi sa kampo ni Glenn, stop bothering me. Ako mismo ang makikipag-communicate kung gusto ko ng duel. Salamat.” Naputol na ang linya ng tawag.

Magmula nang umuwi si Ethan sa bansa ay hindi na natahimik ang mundo niya. Kabi-kabila ang mga tawag na natatanggap niya mula sa mga press people at mga taong konektado sa sports na car racing. Naiintriga ang mga ito kung bakit tatlong taon siyang nawala sa limelight ng karera. Naisipan niyang magpalit na lang ng SIM card upang hindi na siya maistorbo ng mga taong iyon.

Nag-aral siya ng Business Management sa *Cambridge University*. Aminado siyang sa kabila ng katanyagan ay nakukulangan siya sa sariling managerial skills. Inalala niya ang magiging kinabukasan ng mga pagmamay-ari nilang negosyo. Ayaw niyang matawag na weak link ng

mga business rivals ng kanyang ama. Kailangan niyang pangalagaan ang mga pinaghirapan nito. At panatilihin para sa kinabukasan ng salin-lahi ng mga Villaranda.

Iyon din ang gusto niyang maging hakbang ni Miranda. Bagaman alam niyang nasa siyensya ang field nito dahil nasa ikaapat na taon na ng kursong BS Psychology ang kapatid, alam niyang kailangan nitong malinang ang talino pagdating sa pagnenegosyo.

Noong nag-aral siya ay hindi niya naman pinabayaan ang sport na kinahiligan. Bagaman hindi na siya lumalaban sa mga opisyal na termino ay may regular practice siya sa field upang hindi mangalawang ang kanyang kakayahan. Alam niyang wala pa rin siyang kupas at kakain ng alikabok si Glenn kapag nagkataon.

Binuklat niya ang pitaka habang nakahiga sa sofa. Kasalukuyan siyang naroon sa condo unit niya. Kinuha niya ang lumang larawan na nakaipit sa pinakasulok ng pitaka. Minasdan niya ang litrato na kuha noong junior year niya sa high school. Magkaakbay sila ni Glenn doon at naalala pa niya ang sidhi ng pagkakaibigan nila. Nagbago lang ang lahat nang magsimula ang car racing career nila. Nag-iba na ang tingin



sa kanya ni Glenn. Ang trato nito sa kanya ay isa nang kalaban.

“Tapos popormahan mo ang kapatid ko?” asik niya sa larawan, sabay pitik sa pigura ni Glenn. “Sorry, bro, dadaan ka sa butas ng karayom.”



“Tuloy ka na sa Zambales?”

Tumango siya. “Yeah, I’ll be gone for three days,” tugon niya kay Carol.

“Tama ’yan, nang medyo malinawan ang isipan mo. Lumanghap ka ng ibang hangin. Baka sakaling pagbalik mo’y nakalimot ka na.”

Wala pa ring gana si Olga. Excited siyang pumunta sa ipinapagawang resthouse ng ama niya sa Zambales, ngunit naiiwan sa tuwina ang kalahati ng diwa niya sa mga kamalasan na naganap. Hindi siya matahimik magmula noon.

“Magpapahinga lang ako pero hindi makakalimot.”

Inirolyo niya ang huling pares ng medyas at isiniksik sa kantong espasyo ng maleta. Makikipagkita siya sa kababata na si Robert. Ito ang engineer na kinuha ng mga magulang niya upang ikonsulta ang tibay ng lupa ang tamang materyales ng bahay. Dahil malapit sa karagatan

ang puwesto ay siniguro nila na hindi malambot o prone sa sinkhole ang lugar.

Magbabalik siya makalipas ang tatlong araw. Kung kakayanin niyang tapusin ang lahat sa loob ng saglit na panahon ay pipilitin niya. Hindi siya makakapayag na magpagala-gala lang si Anton.

*'Tapos ano? May iba siyang mabibiktima bukod sa 'kin? himutok niya sa isipan. Magbabalik ako at lintik lang ang walang ganti!*



“Maganda ang lupa at matibay ang mga materyales na inangkat ni Tito Armando,” pahayag ni Robert Archimedes. “Wala pa ring kupas ang daddy mo kahit pa nagretiro. Nagtaka nga ako na kinonsulta pa ’ko, eh, siya nga itong professor ko noong college.”

Kasalukuyan silang nasa resthouse sa Zambales, kapwa nakaupo sa veranda at nakatanaw sa matingkad na araw. Hindi masakit sa paningin dahil nagpapakalma sa mata ang asul na karagatan. Maalat man ang dalang simoy ng hangin ay pinanunumbalik nito ang masayang pagkabata ni Olga. Masuwerte ang pakiramdan niya dahil hindi tulad ng iba ay may nauuwian siyang probinsya.

“Alam mo naman si Daddy,” tugon niya.

“Magmula nang magretiro siya at magkaroon ng mild stroke ay bihira nang maka-attend sa mga seminar. At nagbabasa man ng mga update sa field n’yo, madalas ko pa rin siyang naririnig na hindi na raw siya magaling tulad ng dati at nalipasan na siya ng panahon. Kailangan niya raw na mas bata at bagong propesyonal ang mag-a-advise sa kanya.”

“Alam ko na,” anito na nagliwanag ang mukha. “I-se-send ko sa kanya ’yong video compilation ko ng mga seminar. That way, maiiwasan natin ang pagmumukmok o pag-self-pity niya.”

Nakakatuwa si Robert pagdating sa ginoo. Talagang malapit ito sa daddy niya. Nagsimula iyon nang maimpluwensyahan sila ng kanyang ama tungkol sa konsepto ng engineering at architecture. Kaya itinulad ng binata ang sarili sa naging mentor niya at si Olga naman ay tinupad ang pangarap ng kanyang mga magulang na maging architect siya.

Paborito ng daddy niya si Robert at minsan itong inireto sa kanya ng una. But both of them knew they were just friends. It couldn’t be more than that. Sa ngayon ay may nobya na ito at bagaman nalungkot ang daddy niya, kinalaunan

ay tinanggap na rin nito ang katotohanan na wala talagang chance sa pagitan nila.

“By the way, dadating ang friend ko na interior designer.”

Namangha siya. “Talaga? I mean, ngayon?”

Tumango ang binata. “Naisip ko na kulang sa interior ang bahay. Not that I’m doubting your capability but... you know...”

Bahagya siyang natawa. “I’m not saying anything, Robert. Pabor nga sa ’kin dahil gusto kong umuwi na rin agad. Mas mabuting mag-hire na lang ng gagawa niyon para magawa ko ang mga dapat pang gawin.” Nag-flash ang imahe ni Anton Dela Cruz sa isipan niya.

“Why the rush?” Nagde-kuwatro ito saka humalukipkip. “Kailan pa ang susunod na balik mo? Sa Pasko? Come on, kakasimula pa lang ng taon. Cherish the view, enjoy the beach, find your soulmate.”

Napanguso siya sa huli nitong sinabi. Alam nito ang kasaysayan ng mga lalaki sa buhay niya. Hindi lang sila basta magkababata. Matatawag niya rin itong best friend at nasasabi niya rito ang lahat sa tuwing nabibigyan ng pagkakataon katulad ng eksena ngayon. Magaling magpayo ang lalaki at sa tingin niya ay kumuha ito ng

elective na Weighing Decisions 101.

“Na-offend ba kita?” May halong kutya ang tono ni Robert. “Truth hurts. It always hurts. Pero seryoso ako, find a serious one.”

“Parang ang dali, ha!”

Tumango ito. “Madali lang, Olga Bernabe. Ako nga idinasal ko lang isang gabi, paggising ko katabi ko na.”

Napangiwi siya. “Gross!”

“Romantic, ’ika mo.”

Napapailing si Olga sa tuwing aalalahanin ang detalyadong kuwento ng kaibigan tungkol sa one-night-stand-love-story nito ng girlfriend ngayon. Hiniling niyang magka-love life, ngunit hindi sa ganoong paraan. Aminado siyang marami na siyang naging nobyo at nakatalik na rin niya ang mga ito, pero never niyang ginawa iyon sa kung sino lang na nasalubong niya lamang. Sinisiguro niyang karelasyon na niya ito bago ibigay ang sarili.

Naputol ang asaran nila nang may tila tumatawag sa labas ng bahay. Iyon na siguro ang bisita na inaasahan nila.

“I’ll take it,” ani Robert at tumayo.

Sinundan niya ang kaibigan patungo sa main door. “Sa tingin mo siya na ’yan? ’Yong friend mo

na interior designer?”

Madali at sabik siya nagtungo sa tabi ng binata. Unti-unting binuksan ng huli ang pinto at pumasok ang liwanag sa kanina ay makulimlim na loob ng bahay. Bahagya pang napapikit si Olga. Nang magmulat siya ay hindi niya napigilan ang mapanganga. Kilala niya ang bulto na iniluwa ng pinto! Alam niyang hindi siya nagkakamali.

“A-Anton... D-Dela Cruz...”

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Robert kay Olga at sa dumating. “Do you, guys, happen to know each other?”

# Chapter Three



“Yes!” mabilis na sagot ni Olga. Kilala niya ito at hinding-hindi siya maaaring magkamali. Bagaman fuschia ang tuxedo nito, butterflies ang printed design sa laylayan ng pantaas kumpara sa bulaklakin noon, at itim ang ribbon na suot sa leeg ay alam niyang ito ang nagnakaw ng sapatos niya.

“I know this guy! Sinasabi na nga ba’t magkikita rin tayo!”

May halong takot sa reaksyon ni Anton. “Oh, maybe because my blog is getting fabulous na? Uhm... are you mad or something?”

Lumapit siya sa binabae at niyugyog ang

magkabilang balik at nito. “Where are my shoes? My *Empress Stiletto*?”

“What do you mean?” May pagtataka sa mukha nito. “I’m not selling shoes or something. But I’m here dahil sinabi ni Robert na may ikokonsulta kayo sa ‘kin about sa interior ng bahay.” Tumingin ang kababata sa kanya nang may pagsang-ayon.

Natigilan si Olga at napagtanto ang kaibahan ng wangis nito sa Anton Dela Cruz na nakilala niya. Kakaiba ang kutis ng Anton na nakatagpo niya at talagang ang sarap tingnan at pagnasaan ang noon ay pinkish na mga labi. Samantalang ito ay humpak sa lipstick, napakataray tumingin at masyadong mapilantik ang kilos. Di-hamak din na mas matangkad ang nauna kaysa rito.

*Pero bakit pareho sila ng porma? tanong niya sa sarili. Totoo bang hindi lang sapatos ang ninanakaw niya kundi pati ang identity ng ibang tao?*



Hinapit ni Ella ang pagkakayakap sa kaliwang braso ni Anton. Halatang init na init ang huli sa ginagawa ng kapatid ni Robert. “Hindi totoo ‘yan! Bakit magnanakaw ng stiletto ang Anton ko, eh, bruskong-brusko ‘to!”

“Idikit mo pa ang suso mo at masasabunutan



na kita, loka!” bulyaw ng baklita sa babae bago ibinalik ang pansin sa kaharap. “Pasensya na, Robert. Kasuhan mo na lang ako. Nakakaloka ’tong kapatid mo! Hindi maka-move on!”

Imbis na seryosohin ang kuwento ni Olga tungkol sa impostor ni Anton ay naging komedya ang eksena sa pagdating ni Ella. Matagal nang may gusto ang dalaga kay Anton na kilala palang varsity player sa basketball noong sila ay nasa kolehiyo. Ang dalaga ang nagtayo ng fans club nito at hanggang ngayon ay umaasa pa rin na manunumbalik ang dati nitong pagkalalaki.

“May kilala akong psychiatrist at albularyo. Pumayag ka na, Anton...”

Pumiglas ang huli. “Ella, I’m not possessed or something! Robert, ipatingin mo nga ’tong kapatid mo sa doktor. She’s delusional.”

“Later na ’yan,” baling ni Robert sa kapatid. “Pinag-iisipan pa ni Anton ang request mo na magpakalalaki siya,” natatawang dagdag nito.

“Sa inyong dalawa, ikaw nga dapat ang nakapulupot sa ’kin, eh.” Nakakatuwa ang klase ng himutok ni Anton. Saglit na-entertain ang atensyon ni Olga.

Sumabad pa si Ella, “Magkakatuluyan din tayo! Akala mo!”

“Mabalik tayo sa usapan,” basag niya sa kulitan. “Sa tingin mo, fraud ’yong nakilala ko? Sa tingin mo dapat i-report natin ’to sa kinauukulan?”

Iwinasiwas ni Anton ang hintuturo. “No, no, no, no.” May pagtatakang bumahid sa kanyang mukha kung hindi lang dinugtungan ng binabae ang tugon nito. “I personally know Monette Larrazabal. Hindi niya magugustuhan kapag kumalat ang balita na may fraud sa kabubukas lang na store niya.”

Natutop ni Olga ang bibig. “Oh, my gosh! Thanks for reminding me. Syempre ayokong mapasama ang idol ko. Ano na ngayon ang gagawin natin?”

“Leave it to me, girl. I have a personal private investigator. Makakatulong siya. Ako’ng bahala sa sinasabi mong impostor ko. Hindi ako papayag na may imitation ang katulad ko.” Tumiim-bagang ito.

Nakakatuwang isipin na may kakampi na siya ngayon. Hindi na siya mababahala pa dahil tiwala siya sa sinasabi ni Anton. Kilala rin pala itong blogger at sa tingin niya ay posible ngang may mameke ng persona nito. At sa kasamaang-palad, siya ang nagkataon na naloko nito. Alam

niyang ang katulad nitong sikat ay hindi papayag na tuluyang masira ang reputasyon.

“Nasaan si Anton ko?” tanong ni Ella kay Olga. Katatapos lang nilang magtanghalian at pag-usapan ang disenyo sa resthouse.

“Nagbanyo,” tugon niya.

“H-hindi niya naman siguro kasama si Kuya sa CR, 'no?”

Napakunot-noo siya sa sinabi ng kausap. “Robert, pinaghihinalaan ka ng kapatid mo.”

Lumingon si Ella at natagpuan ang nakatatandang kapatid na nakatayo sa likuran nito. “Nagbibiro lang naman ako, Kuya.”

“Lagot ka sa 'kin, bata ka!”

Naaliw si Olga sa paghahabulan ng dalawa sa sala. Nabasag ang kanina ay lumukob na katahimikan sa bahay. She hoped for a sibling before, but it never happened. Aminado siyang medyo bored siya sa buhay. Ang mga sapatos niya lang ang nakakapagpalibang sa kanya.

*I'm a Barbie girl, in a Barbie world...*

Dinampot niya ang naiwang cellphone ni Anton sa mesa. Maagap naman na inagaw ni Ella ang gadget sa kanya.

“Ethan Villaranda...” usal nito. “Ang Anton ko, hindi pa rin siya nagbabago.”

Sinulyapan ni Olga ang screen at nakita ang guwapong larawan ng tumatawag. Kung hindi lang siya abala ay nag-pursue na siyang panakaw na kunin ang numero ng lalaki. Tumalikod siya at saglit na napatigil. Nag-flashback sa kanya ang imahe ng pekeng Anton.

“Patingin nga ulit!” Hinaklit niya ang cell phone. Parang minartilyo ang puso niya sa pagkabog niyon nang malakas. “Ethan. Ethan Villaranda,” nausal niya.



Hindi na makawala si Olga sa blanket ng kama na inirolyo niya sa katawan. Kanina pa siya pagulong-gulong sa kaiisip. Matindi ang natuklasan niya at hindi niya alam kung makakatulog pa siya sa nalaman. Hindi niya alam kung bakit nangyari ang lahat at kung bakit gagawin iyon ng isang sikat na car racer.

“Bakit mo ninakaw ang sapatos ko?” aniyang nakatulala sa kisame. “Akala ko ba mayaman kayo?” Nababaliw na ang akto niya. “Mayaman ka naman, pero bakit ninakawan mo pa ’ko? Ireregalo mo ba sa girlfriend mo? Anak naman ng tokwa, o! Eh, di sana dumirekta ka na lang kay Monette tutal kilala naman ’yon ni Anton! Tinawagan mo siya kaya ’wag mong itanggi na

hindi kayo konektadong tatlo!”

Isang araw pa lang siya namamalagi sa Zambales. Wala sa hinagap niya na masisiraan siya ng ulirat sa mahal niyang probinsya. Tulog na ang mga magulang niya at hindi niya magamit ang mahinang signal ng pocket wifi na walang pakisama. Tinatawagan niya si Carol, ngunit hindi ito sumasagot. Alam na niya kung ano ang ginagawa nito.

“Ethan Villaranda, the ultimate rival of Glenn Crawford.”

Sa palagay niya ay napakaistupido sa parte niya na hindi makilala ang binata sa personal. Kung sabagay, hindi nga ito nahalata ng ibang tao during the event. Malaki pa rin ang pagtataka niya sa ginawa nito.

Naisipan niyang tawagan ang numero nito, ngunit nagdalawang-isip siya. Tiningnan niya ang notification bar ng cell phone at napukaw siya ng icon ng location.

Binuksan niya ang data na mas mabilis pa sa wi-fi niya. Ginamit niya ang application locator na madalas niyang gamitin kapag may gusto siyang i-stalk. Suntok sa buwan man ay hiniling niya na sana ay naka-activate ang location ng lalaki at hindi siya nabigo.

“Bukas na bukas din,” she said with finality, “Magtatagpo tayo, Ethan Villaranda.”



Sa kabila ng pagkahapo ay nilabanan ni Olga ang pagod sa byahe. Nahirapan siya sa sariling kagagawan. Wala naman siyang dapat habulin kung hindi lang talaga siya na-curious sa Villaranda na iyon.

Iniwang niya ang sasakyan sa underground parking ng *Del Torre Condominium*. Bitbit ang malaking maleta ay nagmadali siyang sumakay sa elevator papasok ng condo building. Hindi siya makapaniwala na naninirahan ang binata sa gusali na tinitirhan din ng kanyang tiyahin, si Auntie Marsha niya.

Sinadya pa niya sa Imus, Cavite ang nasabing kamag-anak upang makuha ang pass nito sa building at unit. Kauuwi lang ng anak nitong seaman at halos isang buwan din daw na hindi makakauwi sa unit ang Auntie Marsha niya dahil luluwas ito patungong Iloilo para sa gagawing pamamanhikan ng mag-ina. Mas nabuhayan ng loob si Olga dahil doon. Maisasakatuparan niya ang mga bagay nang walang sagabal.

Hindi niya kinalimutan ang mga sinabi ng kanyang auntie kanina.

*“Si Ethan ang nagmamay-ari ng limang unit sa harap ng pinto ko. Magkatapat ang terrace namin sa labas at madalas doon siya naglalagi tuwing umaga o madaling-araw.”*

Ipinaliwanag niya rito na gusto niyang makilala si Ethan. Kesyo dati itong katunggali ng idolo niya na si Glenn Crawford. At kung anupang palusot.

*“Whatever you say, hija. Basta’t ayoko lang ng makalat, hindi magiging crime scene ang bahay ko, saka walang drogang involved ay walang problema sa ’kin.”*

Matapos makapasok sa unit ni Auntie Marsha ay sumalampak sa sofa si Olga. Napadpad na rin siya rito sa Taguig nang minsan siyang maligaw sa byahe.

Bagong apruba pa lang ang lisensya niya noon sa pagmamaneho. Mabuti na lang at may contact siya sa tiyahin niya. Ito ang sumunod sa kanya at nagmaneho na rin ng dala niyang sedan.

“Nandito pa rin siya,” usal niya, nakatingin sa locator app. Ayon sa application ay nasa gusali pa rin ang binata. Sana lang ay hindi ibang tao ang may hawak sa phone nito.

Iniisip niya kung ano ang koneksyon ni Ethan kay Anton. Bakit kahawig ng porma ng

tunay na Anton ang isinuot ni Villaranda? Ano ang motibo nila samantalang parehong may-kaya ang dalawa? May pera at kakayahan sila na maunahan siyang bilhin ang sapatos.

Ipinilig niya ang ulo at nagpokus sa ibang bagay. “Ano ang p’wede kong gawin? Paano ko malalaman na totoong si Ethan Villaranda ang sinusundan ko?”

Ano kaya kung mag-abot siya ng pagkain dito nang may suot siyang balabal? Sa ganoong porma ay maitatago ng dalaga ang identity at makukumpirma na tamang tao ang nasundan niya. O kaya naman ay maaari siyang makipag-textmate dito at makipag-meet-up sa personal. Ang kaso ay mahaba ang proseso. Palagay niya rin ay hindi mahinang klase si Ethan para mahulog sa ganoong klaseng patibong.

Plan C.

Puwede siyang magpanggap na multo sa terasa ng kanyang tiyahin. Tatakutin niya ang lalaki nang masindak ito. Sa ganoong paraan ay maibabalik nito ang sapatos niya.

Inalog ni Olga ang kanyang ulo. “Ano ba ’tong mga naiisip ko?” Kulang na lang ay itaktak niya ang utak. “Bakit kasi nagpunta ka rito nang walang siguradong plano? Ano na’ng gagawin



mo, Olga? Kumilos ka, kailangan ka ng *Empress!* Nalulungkot siya. Kailangan niya ang pares ng magaganda mong paa!”



Naaaliw si Ethan sa nilalarong *Pokemon Go*. Maganda ang naidulot sa kanya ng pagpapalit ng numero. Hindi na siya kinukulit pa ng mga unnecessary na tawag at text. Malaya na siyang makakapaglaro nang walang notification na sagabal.

“Ayos ’to, nagbalik ang pagkabata ko!” Gumulong siya sa kama, hawak pa rin ang cell phone. Muli siyang dumapa at hinarap nang maayos ang pinagkakaabalahan na laro.

Natigilan siya sa ginagawa nang may nag-doorbell sa unit niya. Tumayo siya at sinilip sa peephole kung sino ang nasa labas. Nakabalabal ang tao roon at sa tingin niya ay babae iyon.

Kinilabutan siya dahil tipikal na ang bellboy na si Ronald lang ang pumipindot sa doorbell niya. Bihira ang ibang tao at naka-schedule pa iyon sa kanya.

Dahil hindi masiguro ni Ethan kung ligtas ang buhay niya o hindi sa taong balot sa tela, hinanap muna niya ang baseball bat saka binuksan ang pinto.

“Hello,” bungad niya sa taong kumatok. Tumikhim siya. “Hi, Miss, may I know what you need from me?” Hindi ito kumibo at mukhang napirmi ang tingin ng babae sa kanya. “Hey, anything I can do for you, my lady?” wika niya na may tonong nambobola.

Nagsalita rin ito sa wakas. “Kapitbahay, ako’y narito upang handugan ka ng kaunting regalo.” May iniabot itong tupperware na may masarsang laman. Nagpatuloy ito sa awkward na pananagalog, “Ako’y kalilipat lamang sa katapat mong bahay. Nawa’y maging mabuti tayong magkaibigan.”

Bago pa man siya makapagsalita ay umalis na ito. Mabilis itong pumasok sa katapat na unit.

“Kaano-ano ’yon ni Doc Marsha? Ang weird magsalita,” tukoy niya sa kapitbahay. “Hindi kaya manloloko lang ’yon? Matawagan nga si Doc.”

Bago pa man niya i-dial ang numero ng doktora ay lumabas sa screen ng cell phone niya ang pangalan ni Anton. Sinagot niya ang tawag nito.

“Oh my gosh, Ethan! Hindi ka maniniwala sa nangyari kanina,” bungad nitong pagtili. Nagpanting ang pandinig niya.

“P’wede bang babaan mo nang kaunti ’yang

bores mo? Wala ka sa singing contest, Antonio.”

“Sorry naman! Na-carried away lang ako dahil mukhang totoo ang sinabi ni Mira. Maliit lang talaga ang mundo.”

Napatirik ang mga mata niya sa kisame. “Go straight to the point.”

“I happened to meet a friend in Zambales dahil na rin doon ang shoot ng fashion magazine. Dumaan ako sa resthouse na gustong i-consult ng friend ko and to also meet him. And you know what?”

“Go ahead.” Napipikon na siya.

“Okay, fine. Nang magtagpo kami ng friend ko, hindi ko akalain na ang madadatnan ko roon ay ’yong babae na ninakawan mo ng sapatos!” Lumindol ang kaba sa dibdib niya at rumehistro ang mukha ng dalaga. “What’s her name nga ulit?”

“Olga Bernabe,” usal niya, kalmado lang para hindi mahalata. “Baka may nabanggit ka sa kanya.”

“Wala akong nasabi na anuman tungkol sa ’yo. Ang akala niya nga ay nanakawan ako ng identity. Gusto niyang i-report ang nangyari sa mga kinauukulan.”

Totoo ngang maliit lang ang mundo. Hindi

nila inakala na makakatagpo ni Anton ang babae, in a very unexpected way.

“What are we going to do now?” may halong pag-aalala sa tinig na tanong niya.

“Hush, my baby boy. Sa tingin mo tatawag ako sa 'yo na bad news ang ibabalita ko?” Kumalma siya at hinintay ang karugtong na sasabihin nito. “I told her that Monette and I knew each other. At hindi niya magugustuhan kung magkakaeskandalo ang negosyo niya at mababalita 'yon sa publiko. Kaya I told her na ako na lang mismo ang magsasabi kay Monette ng tungkol sa nangyari.”

“Good, nakahinga ako nang maluwag d'un. Ang galing mo, ha!”

“Ako pa? So far, things are working as planned.”